



Buong Teksto

'ULING' NI IMPO

Napagtanto ni Uling na kailangan nyang makahanap ng paraan upang matulungan si Impo na tumatanda at humihina na. Pano kaya masusuklian ni Uling ang pagmamahal ni Impo?

Mga Kwentong Jataka: sari-saring salaysay mula sa buhay ni Buddha, inihahandog sa inyo ng Areté at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools Kagawaran ng Filipino. “Uling ni Impo” isinalin sa Filipino ni Michael M. Coroza, PhD at babasahin satin ni Corazon L. Santos, PhD.

Maláong-maláon na, isang matandang babae na may alagang itim na batàng elepante ang naninirahan sa isang munting nayon. Ang tawag ng mga bata sa kaniya ay Impo, at ang batang elepante ay binansagan nilang “Uling ni Impo.”

Palakaibigan ang elepanteng si Uling ni Impo, at masayáng pinasasakay niya ang mga bata sa kaniyang likuran. Mahal na mahal din siya ng mga bata at binabahaginan siya ng mga ito ng pagkain. Nananahi ang matandang babae habang maghapon ng nakikipagsayá si Uling sa mga bata. Sa ganitong paraan lumipas ang maraming taon.

Isang araw, ibig ni Uling na samáhan siya ni Impo sa kakahuyán. Tumanggi si Impo, na nagsabing “Mahal ko, hindi ko na káyang maglakad nang gayon kalayò. Mahina na ako, at hindi na ako masigla at maliksing katulad ng dati.” Napagtanto ni Uling na matanda at mahina na nga si Impo.

Naisip niya, “Ang matandang babaeng ito ang nag-alaga sa akin sa maraming taon. Ngayon, panahon na upang tumanaw ako ng utang na loob. Kailangang magkaroon ako ng trabaho at magsimulang kumita para sa kaniya.”

Lumabas si Uling upang maghanap ng trabaho. Nang naglalakad siya sa may pampang ng ilog, nakita niya ang isang laláki na mukhang balisáng-balisá. May ilang karetang punông-punô ng karga ang laláki, nakatirik ngayon sa gitna ng tubig at hindi na mahila ng mga tóro. Nang makita siya ng laláki, nakiusap ito sa kaniya na tulungan ang mga tóro na hilahin paahón sa tubig ang mga kareta. Nangako ito na magbabayad ng dalawang sensilyong

pilak para sa bawat kareta na mahihila ni Uling paahón sa tubig.

Malugod na nagpaunlak na makatulong si Uling. Lumusong siya sa ilog at isa-isang hinila patawid sa kabilang ibayo ang mga kareta. Nang matapos niya ang trabaho, binalikan ni Uling ang laláki upang singilin. Ngunit kalahati lámang ng ipinangakong halaga ang ibinigay sa kaniya ng laláking mandaraya.

Hindi ikinatuwa ni Uling ang pandaraya ng laláki. Humarang siya sa lansangan at hindi hinayaang makalampas ang mga kareta. Tinangka siyang patabihin ng laláki, ngunit hindi natinag sa pagkakatayô si Uling. Naunawaan din sa wakas ng laláki kung ano ang gusto ng elepante. Ibinigay nito kay Uling ang kalahati ng ipinangakong halaga. Humingi ito ng paumanhin at isinilid ang lahat ng sensilyong pilak sa súpot na nakasabit sa leeg ni Uling.

Masayáng umuwi si Uling upang maibigay kay Impo ang una niyang kinita. Maghapon na siyang wala kayâ nag-aalala at naghihintay si Impo sa kaniyang pagbabalik. Nagdiwang sa galak ang matanda nang matanaw ang dumarating na si Uling. Nag-usisa ito kung saan siya nanggaling. Isinalaysay ni Uling ang buong pangyayari, at inihatag niya sa pálad ni Impo ang súpot na punô ng sensilyong pilak. Lubos na ipinagmalaki ni Impo si Uling!

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

| | |
|--|---|
| Ang Haring Matsing | Ang Nagbabanal-banalan |
| Ang Nagsasayaw na Paboreal | Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig |
| Ang Madaldal na Pagong | Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas |
| Ang mga Nakakita sa Punong Judas | Ang Puso ng Matsing |
| Ang Jackal na Nagligtas sa Leon | Ang Ginintuang Gansa |
| Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan | 'Uling' ni Impo |

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

| | |
|-------------------------------|----------------------------|
| Estelle Marie M. Ladrido, PhD | <i>Executive Producers</i> |
| Ricardo G Abad, PhD | |

| | |
|-------------|-----------------|
| D Cortezano | <i>Producer</i> |
|-------------|-----------------|

| | |
|-----------------|-------------------------------|
| John Robert Yam | <i>Overall Sound Designer</i> |
|-----------------|-------------------------------|

| | |
|--|--|
| Harold André Santos | <i>Theme Music Composer</i> |
| John Robert Yam Nilo Beriarmente | <i>Sound Engineers</i> |
| Senanda Gomez | <i>Talent Coordinator and Production Associate</i> |
| Jethro Nibatén Adriane Ungriano Duane Ligot Rey Sotto Justine Ray Santos | <i>Sound Design and Technical Team</i> |
| Noriel Mendoza Vanessa Reventar | <i>Logistical Support</i> |
| Fran Alvarez | <i>Illustrator</i> |
| Lazir Caluya Vanessa Reventar | <i>Brand Developers</i> |
| Dreamlist Digital | <i>Web developers</i> |

Embassy of India in Manila, Philippines

| | |
|-------------------------|---|
| Shambhu S. Kumaran | <i>Ambassador of India to the Philippines</i> |
| Vishwanjali M Gaikwad | <i>Second Secretary (Press, Information, and Culture)</i> |
| Michael James Mangaring | <i>Assistant</i> |

Ateneo de Manila University Loyola Schools

Kagawaran ng Filipino

| | |
|---|---------------------------|
| Michael M Coroza, PhD Mark Benedict F Lim Claudette M Ulit, PhD | <i>Translators</i> |
| Michael M Coroza, PhD | <i>Translation Editor</i> |
| Anna Trisha Monica O Abeleda Ariel A Diccion Jomar I Empaynado | <i>Readers</i> |

Carlota B Francisco
John Carlo S Gloria
Sharmaine V Hernandez
Yolando B Jamendang, Jr
Glenda C Oris
Jerry C Respeto, PhD
Corazon L Santos, PhD
Jethro Niño P Tenorio
Andrea Anne I Trinidad